Kahaliling Babayaran

Maari kang pipili ng isang tao na magiging Kahalili mo na Babayaran. Ang taong ito ay tatanggap ng kartang EBT at PIN upang magamit niya ang benepisyo sa EBT mo para makabili ng pagkain para sa iyo. Dapat ang taong ito ay isang mapagkakatiwalaan at na sa wastong gulang na gaya ng kapatid, kamag-anak, kaibigan o kapitbahay. Pipilika ng isang taong mapagkakatiwalaan dahil maari niyang gastusin ang iyong benepisyo/kapakinabangan. Hindi na mapapalitan ang nawala o ninakaw na benepisyo ng SNAP.

Autorisadong Kinatawan

Maari kang pumili ng isang tao na magiging isa mong Autorisadong Kinatawan. Ang taong ito ay maari niyang gamitin ang kartang EBT mo na bumili ng pagkainmo. Makakatulong din ang - Autorisadong Kinatawan na ito na humiling para sa iyo ng benepisyo ng SNAP o kaya mag-report/mag-ulat ng ano mang pagbabago tungkol sa iyo. Ang taong ito ay dapat isang mapagkakatiwalaan mo, gaya ng isang kapatid, kamag-anak, kaibigan o kapitbahay. Piliin mo ang isäng may tiwala ka sapagkat maari niyang ubusin and iyong benepisyo. Ang nawala o ninakaw na benepisyo ng SNAP ay hindi na mapapalitan.



Saligan ng SNAP sa Kinita

(Nagkabisa noong 10/1/17)

Ang *federal poverty guideline [FPL]* (ang pamantayan federal ng karalitaan) na nakalista sa ibaba ay makakatulong sa iyo na alamin kung ang buwanang kinikita mo ay lalampas na sa itinakdang tuntunin ng SNAP upang karapat-dapat na makatanggap ng benepisyo ng SNAP. Kung ang kinikita mo ay higit sa tuntunin, hindi ka na nararapat sa tulong ng SNAP.

*** Itong mapa/tsart ng *Federal Poverty Limit (FPL)* ay isang reperensiya lamang. Ang isang empleyado ang magpapasya kung ikaw ay nararapat sa programa o hindi.

Laki ng sambayanan	200% Buong Buwanang Kita (Monthly Gross Income [BBCE])	130% Buong Buwanang Kita	100% Neto ng Buwanang Kita (naalis na ang pangkaraniwang binabawas sa suweldo)
1	$2,328	$1,513	$1,164
2	$3,156	$2,051	$1,578
3	$3,984	$2,590	$1,992
4	$4,812	$3,128	$2,406
5	$5,640	$3,666	$2,820
6	$6,470	$4,205	$3,235
7	$7,298	$4,743	$3,649
8	$8,126	$5,282	$4,063
Idagdag ang kita ng bawat kaanib ng pamilya	$830	$585	$415

SNAP Supplemental Nutrition Assistance Program

ALEXANDER & BALDWIN PARTNERS FOR HAWAI'I

PROJECT VISION Hele for Health

Please Call 808.201.3937, ext. 14

Huwag kaligtaan ang kumain!
Kung gipit sa badyet,
Makakatulong ang SNAP.



Ano ang SNAP?

Sa Inglis, ang ibig sabihin ng SNAP ay *Supplemental Nutrition Assistance Program* at kung isalin ay ang Programa sa Karagdagang Pangtulong sa Nutrition 0 Pagpapakain. Ito ay tumutulong sa mga pamliya na mababa and kinikita at naghihirap/nagugutom at hindi kayang bumili ng wastong pagkain sa tindahan, groseriya o palengke.

This project has been funded at least in part with Federal funds from the U.S. Department of Agriculture. The contents of this publication do not necessarily reflect the view or policies of the U.S. Department of Agriculture, nor does mention of trade names, commercial products, or organizations imply endorsement by the

State of Hawaii
Department of Human Services
Benefit, Employment, and
Support Services Division

DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES

Mga Kailangang Malaman Tungkol sa Programang SNAP

Makakatulong ang SNAP sa pagbili ng masustansiyang pagkain na kailangan sa kalusugan.

Ang benepisyo sa SNAP ay idinedeposito sa Electronic Benefits Transfer (EBT) card, (Karta kung saan inililipat ang benepisyo sa pamamagitan ng elektronika.)

Ang iyong karta ng EBT ay parang debit card sa bangko na maari mong gamitin na pambili sa tindahan o palengke ng mga magsasaka.

Ang mga pamilya na tumatanggap ng SNAP ay maari ding kwalipikado para sa WIC at/o sa programa ng pakain sa eskwelahan.

Ang mga pagkain na binibili na gamit ang SNAP ay walang buwis sa bentahan.

May mga hindi pa citizen ngunit legal and pagtira dito ay maari ding makakuha ng SNAP. Kahit hindi ka sana kwalipikado dahil sa estado mo sa imigrasyon, yung mga anakmo o mga kasambahaymo na mga citizen na ay maaring kwalipikado sila.

Maaring kwalipikado ka sa SNAP kahit ikaw ay nag-tatrabaho.

Ang SNAP ay maaring gamitin na pambili ng binhi at tanim na palaguhin para kainin.

Hindi maaring gamitin ang SNAP na pambili ng alak o beer/serbesa.

Hindi mo maaring gamitin ang SNAP na pambili ng sigarillo o tabako, pagkain ng alagang hayop, bitamina o gamot, o mga hindi kinakain na bagay gaya ng sabon o kagamitang pambahay.

Ang SNAP ay hindi maaring gamiting pambili ng nakahanda nang maiinit na pagkain.

Ang pagkain ng masustansiyang kinakain ay makakatulong sa iyo at ang iyong pamilia na manatiling malusog at maganda ang pakiramdam.

Gamitin itong listahan sa paghahanda sa iyong panayam/interview.

Pagkakakilanlan (sino ka)

- ☐ Sertipiko ng kapanganakan
- ☐ Lisensiya ng pagmamaneho
- ☐ ID kard sa trabaho o eskuwelahan
- ☐ Karta sa benepisyong pangkalusugan

Tirahan

- ☐ Bayarin sa kuryente, gas, o tubig
- ☐ Kontrata sa pangungupahan o ulat ng pagkakautang
- ☐ Sulat mula sa silungan/*shelter* kung saan ka nakatira

Imigrasyon

- ☐ Papeles sa imigrasyon o naturalisasyion (kung ikaw ay napanganak sa labas ng U.S.)

Ang kinita mo

- ☐ Sobre ng suweldo
- ☐ Rekord sa sariling pagtatrabaho/negosyo
- ☐ Porma sa pagbabayad ng buwis sa kinita (income tax)
- ☐ Ulat sa pinagtatrabahoan kung magkano ang buong suweldo/kinita

Iba pang kinita (na hindi galing sa trabaho o negosyo)

- ☐ Ulat sa bangko na nagpapakita kung magkano ang deposito mo
- ☐ Sulat ng ahensiya na nagpapakita kung magkano ang natatanggap mo gaya ng Social Security, Veteran's Affairs, suporta sa anak mula sa magulang, alimony, kawalang trabaho

Iba pang gastusin

- ☐ Pagbabayad sa suporta sa anak o alimony (sa dating asawa)
- ☐ Sa mga matatanda (idad 60 at pataas) o walang sapat na kakayahan: babayarin medikal gaya ng gamot, ospital, doktor, gamit sa pandinig, serbisyo ng isang hayop, o binabayaran sa insurance/ paseguro pangkalusugan

3 Madadaling Hakbang Tungo sa Benepisyo ng SNAP

1 Kumuha ng aplikasyon

- Pumunta o tumawag sa pinakamalapit na opisina ng SNAP

  54 High Street, Room 125
  Wailuku, 96793.
  (808) 984 8300

  35 Lunalilo Street, Suite 300
  Wailuku, 96793
  (808) 243 5110

  55 Makaena Place, Room 1
  Kaunakakai, 96748
  (808) 553 1715

  730 Lanai Avenue
  Lanai City 96763
  (808) 565 7102

- Kunin ang aplikasyon mula sa internet: **http://humanservices.hawaii.gov/bessd/snap**

2 PunuinSagutin at ibalik ang aplikasyon

- Punuin lahat ng masasagot mo sa aplikasyon. Tiyakin na nandiyan ang pangalan mo, tirahan at pirma mo. Sapat na ito para maumpisahan ang proseso ng aplikasyon. Kung kailangan mo ang tulong sa pagsagot nitong aplikasyon, humingi ng tulong sa isang empleyado ng SNAP, o isang kaibigan, o kamag-anak.

  Ibalik agad ang aplikasyon sa tanggapan ng SNAP. Maaring padala sa koreo, i-fax, o dalhin lang sa opisina nila.

3 Itakda ang pakikipag-usap sa kanila

- Ang tanggapan ng SNAP ay tatawag sa iyo upang itakda ang pakikipag-usap.
  Maari mong hingin na telepono na lang ang gamitin sa pakikipag-usap.
- Dalhin ang mga papeles doon sa pakikipag-usap. Ang mga nakalistang gagawin o dadalhin sa polyetong ito ay makakatulong sa iyong paghahanda sa pakikipag-usap mo. Hindi mo kailangan na dalhin lahat. Itanong mo sa empleyado ng SNAP kung ano ang mga bagay na dadalhin mo sa pakikipag-usap mo sa kanila.